
# Mga Pagpiling May Epekto sa Kawalang-Hanggan, Bahagi 1



Ang layunin ko ngayong gabi ay tiyaking mulat na mulat ang inyong mga mata sa katotohanan na ang buhay na ito talaga *ay* ang panahon na magpapasiya kayo kung anong klaseng pamumuhay ang gusto *ninyo* magpakailanman. Ngayon *ang* panahon ninyo "upang maghanda sa pagharap sa Diyos" [tingnan sa Alma 12:24; 34:32]. . . .

Malaki ang mga pakinabang ng bawat matwid na pagpiling ginagawa ninyo sa buhay na ito. Ngunit mas malaki pa ang mga walang-hanggang pakinabang kaysa sa natanggap ninyo sa buhay na ito. Kung pipiliin ninyong makipagtipan sa Diyos at tapat kayo sa mga tipang iyon, may pangako na kayo ay "magtatamo ng kaluwalhatiang idaragdag sa [inyong ulo] magpakailanman at walang katapusan" [Abraham 3:26]. . . .

Mangyari pa, ayaw ng kaaway na isipin man lang ninyo ang kinabukasan, lalo na ang buhay na walang hanggan. Ngunit huwag sana kayong maging walang alam o walang muwang tungkol sa mga oportunidad at hamon ng mortalidad. Sa diwang iyon, kailangan ninyong maunawaan ang tatlong mahahalagang katotohanan na tutulong sa inyong maghanda para sa inyong kinabukasan: . . .

Una: Alamin ang katotohanan kung sino kayo. Naniniwala ako na kung tuwirang nagsasalita sa inyo ang Panginoon ngayong gabi, ang una Niyang titiyakin ay na nauunawaan ninyo ang inyong tunay na pagkatao. Mahal kong mga kaibigan, kayo ay literal na mga espiritung anak ng Diyos. Nakanta na ninyo ang katotohanang ito mula nang matutuhan ninyo ang mga titik sa "Ako ay Anak ng Diyos" [*Mga Himno*, blg. 301]. Ngunit nakatatak ba sa puso ninyo ang walang-hanggang katotohanang iyan? Nakadaig na ba kayo ng tukso dahil sa katotohanang ito?

Nangangamba ako na baka napakadalas na ninyong naririnig ang katotohanang ito kaya parang slogan na ito sa inyo sa halip na banal na katotohanan. Gayunpaman, ang paraan ng inyong pag-iisip kung sino kayo talaga ay nakakaapekto sa halos lahat ng desisyong gagawin ninyo. . . .

. . .*Sino kayo?*

Una sa lahat, kayo ay anak ng Diyos.

Pangalawa, bilang miyembro ng Simbahan, kayo ay anak ng tipan. At pangatlo, kayo ay disipulo ni Jesucristo.

Ngayong gabi, nakikiusap ako sa inyo na huwag *palitan* ng anumang iba pa ang tatlong napakahalaga at di-nagbabagong mga pantukoy na ito, dahil maaaring makahadlang ito sa inyong pag-unlad o mabilang kayo sa isang kategorya na posibleng makahadlang sa inyong walang-hanggang pag-unlad. . . .

May iba't ibang titulo na maaaring napakahalaga sa inyo, siyempre pa. Unawain sana ninyo ako. Hindi ko sinasabi na hindi mahalaga ang iba pang mga titulo at pantukoy. Ang sinasabi ko lang ay walang pantukoy na dapat *makapag-alis*, *pumalit*, o *bigyan ng prayoridad kaysa sa* tatlong nagtatagal na titulong ito: "anak ng Diyos," "anak ng tipan," at "disipulo ni Jesucristo."

Anumang pantukoy na hindi tugma sa tatlong mahahalagang titulong iyon ay bibiguin kayo sa huli. Ang iba pang mga titulo ay hindi magpapasaya sa inyo pagdating ng panahon dahil wala itong kapangyarihan na akayin kayo sa buhay na walang hanggan sa kahariang selestiyal ng Diyos. . . .

Huwag kayong magkakamali tungkol dito: Banal ang inyong potensyal. Sa inyong masigasig na paghahanap, ipababanaag sa inyo ng Diyos kung sino ang maaari ninyong kahinatnan. (Russell M. Nelson, "Mga Pagpiling May Epekto sa Kawalang-Hanggan" [pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Mayo 15, 2022], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_544_handout-1